

# Ang Etika bilang Akademikong Diskurso sa Pilipinas: Isang Pagsusuri

Jovito V. Cariño

Departamento ng Pilosopiya, Unibersidad ng Santo Tomas

---

## Abstrak

Bantog ang Pilipinas bilang pinakamalaking Kristiyanong bansa sa Asya. Sa likod ng pagkakakilanlang ito ay isang mahabang relihiyosong tradisyon na malaki ang papel sa marami at malalaking kaganapang humubog sa ating pambansang kasaysayan. Ang pambihirang lawak ng impluwensya ng Kristiyanidad sa pambalana at personal na karanasan ng mga Filipino ay dahilan upang hanggang sa kasalukuyam, sa kabila ng prinsipyong naghihiwalay sa estado at sa relihiyon, nananatili itong matibay na sandigan kapwa ng etikal na edukasyon ng ating mga mamamayan pati na rin ng ilang mga batas at mga polisiya ng pamamahala. Subalit kung susuriin ang sosyo-politikal at ekonomikong kalagayan ng bansa katabi ng nabanggit na relihiyosong sangkap ng ating kalinangan, hindi maikakaila ang malaking puwang na tila ba nagpapasubali sa bisa ng relihiyon na nakasanayan na nating paniwalaan. Ang bagay na ito ay higit na nabibigyang diin sa gitna hindi lamang ng mga kontrobersyal na usapin gaya ng RH Bill o ng eksibit na *Kulo* sa CCP kundi ng mismong problematikong ugnayan ng relihiyon at politika sa bansa gaya ng masasalamin sa tuwinang pagtawid-bakod ng mga institusyon ng Kristiyanong relihiyon gaya ng Simbahang Katolika, Iglesia ni Kristo, El Shaddai, Jesus is Lord Movement at iba pa. Taliwas ito sa turing ng mga modernong teoryang liberal na nagsasabing ang relihiyon daw ay dapat na manatili na lamang sa sarili niyang bakod labas sa pampublikong larangan. Ang panukalang ito gayunman

ISSN: 2362-7581

© 2014 Jovito V. Cariño

[http://www.filocracia.org/issue2/Carino\\_Aug2014.pdf](http://www.filocracia.org/issue2/Carino_Aug2014.pdf)



ay tila hindi angkop sa isang bansa gaya ng sa atin kung saan ang hangganan sa pagitan ng relihiyon at pulitika ay hindi itinuturing na problematikong usapin. Sa aking palagay gayunman, ang pagturing sa ugnayang relihiyon at pulitika bilang hindi problematiko ay sapat na dahilan kung bakit itinuturing ko ito na isang malaking problema. Ang relihiyon ay isa sa mga institusyon na naniniwala na ang etika ay maituturo, ibig sabihin, maaaring idaan sa edukasyon. Subalit sa isang lipunan kung saan ang relihiyon at pulitika ay hindi magkahiwalay na gawain kundi dalawang larangang naggagamitan, mainam suriin kung paano isasakatuparan ang etika bilang isang akademikong diskurso at kung makakatulong ito sa pagsusulong ng isang makabuluhang pagbabago.

**Mga Susing Salita:** Etika, akademikong diskurso, relasyong estado-relihiyon, sekularidad, modernidad

## Panimula

Saksi ang kolonyal na kasaysayan ng bansa kung paanong naging batayan ang relihiyon ng pagtuturo ng etika sa bansa. Sa simula pa lamang, hindi nag-aksaya ng panahon at paraan ang mga naunang grupo ng mga misyonero na gamitin ano man ang inaakala nilang kailangan upang maisakatuparan hindi lamang ang pagpapalaganap ng dala-dala nilang pananampalataya kundi pati na rin ang pagtutuwid ng mga gawi at ugali na tinuturing nilang taliwas dito.<sup>1</sup> Naging kasangkapan ang mga sermon, diksyunaryo, maging mga tula at mga kwentong-bayan na sa kamay ng mga misyonero ay naging mabisang tulay upang maihulma nila sa tamang padron ang inaakala nilang lihis na uri ng pamumuhay ng mga katutubong dinaratnan nila sa iba't ibang isla.<sup>2</sup> Maaalala na ang tinuturing na kauna-unahang librong nailimbag dito sa Pilipinas, ang *Doctrina*

---

<sup>1</sup>Tingnan halimbawa ang “Ang aral ni Fray San Jose: Mga binhi’t bunga ng pagtulang misyonero” sa Virgilo S. Almario, *Kung sino ang kumatha kina Bagongbanta, Ossorio, Herrera, Aquino de Belen, Balagtas, atbp.* (Pasig: Anvil Publishing Inc., 1992), 59-84.

<sup>2</sup>Tingnan sa Bienvenido L. Lumbea, *Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in its Development.* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1986), 1-21.



*Christiana* (1593)<sup>3</sup> at ang katha ni Tomas Pinpin na *Librong Pagaaralan nang manga Tagalog nang uicang Castila*,<sup>4</sup> ay bahagi ng kampanyang ito, gayun na rin ang pagbuo ng iba't ibang diksyunaryo gaya ng kinatha nila Noceda at Sanlucar, Plasencia at Blancas de San Jose.<sup>5</sup> Nagbago ang ganitong kalakaran simula ng ikalabing-siyam na siglo nang ang pamamayani ng relihiyon ay naharap sa mas seryosong katunggali sa anyo ng mga makabagong kaisipan na inangkat mula pa sa modernong Europa.<sup>6</sup> Ang proseso ng sekularisasyon na noon ay matagumpay na namamayagpag sa kanluraning kontinente ay pumadpad na sa bansa sa pamamagitan nilang naglakas-loob na pumalaot sa ngalan ng paghahanap ng liwanag. Sila ang mga ilustrado, ang mga naliwanagan na at sa kanilang mga katha—nobela man, tula, mga lathalain sa peryodiko o kaya mga likhang sining—pinatotohanan nila na mayroon pang bukal ng pagpapakatao, kasing mabisa ng o kaya ay higit pa, kaysa sa relihiyon.<sup>7</sup> Sa kuntekstong ito, masasabi na ang mahabang dialogo ni Pilosopo Tasyo sa nobelang *Noli Me Tangere* ni Jose Rizal<sup>8</sup> o ang satirikong piyesa na *Fray Botod* ni Graciano Lopez Jaena<sup>9</sup> ay hindi lamang mga ordinaryong propaganda laban sa umiiral noong relihiyon kundi mga testamento ng totohanang paghahanap ng bagong batayan ng isang uri ng etikang tutugma sa pagbabagong hinahanap ng Filipinong sambayanan. Isang malaking kabalintunaan na sa kabila ng

---

<sup>3</sup> Para sa elektronikong kopya ng *Doctrina Christiana*, tingnan ang <https://ia600504.us.archive.org/6/items/doctrinachristia16119gut/16119-h/16119-h.htm>.

<sup>4</sup> Tomas Pinpin, *Librong Pagaaralan nang manga Tagalog nang uicang Castila*, Damon L. Woods (Ed.) (Manila: UST Publishing House, 2011).

<sup>5</sup> Basahin sa Vicente L. Rafael, *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog Society under Early Spanish Rule* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1988).

<sup>6</sup> Tingnan sa Horacio de la Costa, S.J., *Readings in Philippine History* (Makati City: Bookmark, Inc., 1992), 125-171.

<sup>7</sup> Tingnan sa John N Schumacher, S.J., *The Propaganda Movement 1880-1895* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2002), 19-39.

<sup>8</sup> Jose Rizal, *Noli Me Tangere*, Virgilio S. Almario (tagasalin) (Quezon City: Adarna House, 1990), 72-79; 157-167.

<sup>9</sup> Para sa elektronikong kopya ng *Fray Botod* ni Jaena, tingnan sa [http://www.gracianolopezjaena.org/fray\\_botod\\_1.html](http://www.gracianolopezjaena.org/fray_botod_1.html).



pagturing ng mga Kastila sa tuwirang kaisahan ng estado at relihiyon, siya rin naman ang kanilang mahigpit na pagtutol sa anomang tangkang iugnay ang relihiyon at pulitika. Malaking aral ang iniwan tungkol dito ang sinapit ng tatlong paring martir, Padre Burgos, Gomez at Zamora<sup>10</sup> gayun na rin ang naging masaklap na karanasan ni Apolinario de la Cruz at ang kanyang mga tagasunod.<sup>11</sup> Sa pagpasok ng mga ng bagong kolonyal na kapangyarihan ng mga Amerikano, lalo pang pinalawig ang patakarang nagtatakda sa paghihiwalay ng relihiyon at estado.<sup>12</sup> Subalit hindi gaya ng karaniwang akala na ang patakarang ito ay nagbabakod kapwa sa relihiyon at estado mula sa isa't isa, ang tunay na layon ng nasabing patakaran ay ang pagtimpi ng kapangyarihan ng estado upang mas mabigyang laya ang mga mamamayan sa sumanib sa relihiyon na ibig nila. Hindi ang paglimita kundi ang ibayong pagpapalawig pa sa papel ng relihiyon sa sosyo-politikal na buhay ng mga mamamayan ang tukoy ng nasabing patakaran. Hindi samakatwid pinawi ng mga Amerikano ang pagpapahalaga sa relihiyon na una nang nakita sa mga Kastila bagkus mas binigyang puwang pa ito mula sa pagiging kasangkapan ng kontrol ng estado tungo sa pagiging instrumento ng kalayaan ng mga mamamayan.<sup>13</sup>

Ang pahapyaw na balik-tanaw na ito sa kasaysayan ang batayan ng aking palagay sa malawak na papel ng relihiyon sa iba't ibang dimensyon ng ating pagkamamamayan bilang Filipino kabilang na rito ang etika. Namana natin kapwa sa mga Kastila at Amerikano ang paniniwala na ang etika ay naituturo kaya sa simula pa, naging malaki ang ambag ng

---

<sup>10</sup> Tingnan sa John N Schumacher, S.J., *Father Jose Brugos: A Documentary History* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999), mp. 1-32.

<sup>11</sup> Tingnan sa Renato Constantino, *A History of the Philippines: From Spanish Colonization to the Second World War* (London: Monthly Review Press, 1975), mp. 135-137.

<sup>12</sup> Taliwas sa karaniwang akala, ang pagwawalay ng estado at relihiyon ay naisabatas na ng kongreso ng Malolos sa konstitusyon ng 1898 bago pa sumailalim ang Pilipinas sa kapangyarihan ng Estados Unidos na kumakatig din sa nasabing prinsipyo. Tingnan sa Raul C Pangalangan, *Religion and the Secular State: National Report for the Philippines* sa <http://www.iclrs.org/content/blurb/files/Philippines%20wide.pdf>.

<sup>13</sup> Tingnan ang "Citizenship in the Philippines: The Religious Factor" sa Susan K. Harris, *God's Arbiters: Americans and the Philippines 1898-1902* (Oxford: Oxford University Press, 2011), 41-61.



akademya bilang isang institusyon sa paghubog ng kamalayan at kaugalian bilang isang bansa man o bilang isang indibidwal. Ito ang dahilan kung bakit hanggang sa kasalukuyan, relihiyon ang kadalasang batayan ng pagtuturo ng etika sa ating mga paaralan, sa mababa o higit na mataas na antas man. Ang kahinaan ng tradisyong gaya nito, na minana natin subalit hindi inusisa, ay ang kawalan nito ng turing sa kumplikadong papel ng relihiyon sa ating kasaysayan, sa ating kalinangan at sa ating sosyo-politikal na pamumuhay. Hindi sapat samakatwid ang pagtuturo ng etika batay sa palagay na ang relihiyon ay isang ganap at kumpleto nang sistema. Ang kahalagahan ng puntong ito ay higit na makikita sa kunteksto ng isang bansang gaya ng Pilipinas kung saan ang relihiyon ay walang iisang mukha at walang tiyak na hangganang naghihiwalay sa pagitan ng relihiyon at pulitika.

### Ang Pagtuturo ng Etika at Relihiyon

Hindi karaniwang makikita ang salitang etika sa kurikulum ng mga elementarya o sekondaryang paaralan. Kalimitan ito ay nakapaloob ito sa mga araling iba't iba ang taguri depende sa gamit ng eskwelahan. Ang pinakamalapit na pangalan na aralin ay maihahalintulad natin sa etika ay *Christian Living, Religion, Values Education, Values Formation* o noong mas naunang panahon, *Good Manners and Right Conduct*. Sa kasalukuyan, ang pagaaral ng etika sa mababa at mataas na paaralan ay nakapaloob sa araling *Edukasyon sa Pagpapakatao* na bagamat hindi nahasang nakabatay sa relihiyon ay bantad namang sumususo sa mga pilosopiyang malakas ang kiling sa relihiyon.<sup>14</sup> Walang masama sa pag angkop ng relihiyon sa pagtuturo ng etika, sa katunayan maraming kultura sa buong mundo ang kumikikila at tumatangkilik sa matalik na ugnayan ang dalawa. Kung may kahinaan man ang relihiyon, partikular sa kunteksto ng Pilipinas, ito ay walang iba kundi ang likas at tahasan nitong pagaatubili na lumahok sa malayang talakayang tumutukoy sa mga kongkretong usapin patungkol sa kapakanan ng bayan, ibig sabihin, sa mga isyung etiko-politikal. Ang pagtutol na ito ay pinapahiwatig hindi sa hindi pakikilahok sa mga nasabing usapin kundi sa pagdulog sa nasabing usapin mula sa isang may-pribilehiyong posisyon na nagtuturing sa sarili bilang tagapaghatid ng una

---

<sup>14</sup> Para sa padron ng nasabing aralin, maaaring bisitahin ang <http://www.deped.gov.ph/sites/default/files/Edukasyon%20sa%20Pagpapakatao%20Curriculum%20Guide%20Grade%201-10.pdf>.



at huling salita sa mga usaping nakahain.<sup>15</sup> Para sa relihiyon, anomang usapin tungkol sa ikabubuti ng tao ay matagal nang nadesisyunan at ang mga desisyong ito ang siyang nakapaloob sa mga doktrinang kanyang pinangangalagaan. Anomang katanungan samakatwid tungkol sa kung ano ang mabuti sa tao (etika) ay nilalapitan nito mula sa punto de bista ng kung ano ang tama (doktrina). Makikita sa pananaw na ito ang isang linyar at simplistikong palagay na nagdurugtong sa kung ano ang mabuti at kung ano ang tama. Sa unang tingin pa lamang ay makikita na kung ano ang problema ng palagay na ito. Dahil sa sapilitang pagtatambal sa doktrina at etika, tila lumalabas na totoo alinman sa dalawang posibilidad: una, iisa ang kasaysayan ng dalawa o kaya, ikalawa, kapwa sila labas sa kasaysayan. Ang una ay may bahid ng positibismo at ang ikalawa naman ay may lakip ng transentalismo. Alinman sa dalawang implikasyon na ito ay taliwas sa normatibong pananaw tungkol sa magkahiwalay kahit na minsay magkasabay na historikal na pagimbulo ng doktrina at etika. Totoo na ang

---

<sup>15</sup>Tinuring ni John Rawls ang kahalagahan ng malayang talakayan sa pangangalaga at pagpapayabong hindi lamang ng demokrasya kundi pati na rin sa sinasabi niyang pambayang katwiran. Ang pambayang katwiran ay tumutukoy sa malayang gamit ng katwiran ng mga mamamayang ng isang lipunan sa kunteksto ng tuluyang talakayan. Sa kasamaang palad, kung pagbabasehan ang mga pinakahuling kaganapan sa bansa kung saan sangkot ang impluwensyal na Katolikong Simbahan, mahirap maaninag ang posibilidad ng iminumungkahi ni John Rawls. Sa gitna halimbawa ng maiinit na usapan tungkol sa pinapanukala noon na RH Bill, pinuna ni Randy David ang kahandaan ng mga obispo na gamitin ang kanilang kapangyarihan laban sa mga taong hindi gaya nila ang pananaw sa halip na makipagdayalogo sa kanila sa makatwirang paraan. Pahayag ni David: “. . . bishops should not act as though the encyclical were irreformable or as though everyone who dissented were guilty of contempt of authority or were separating himself from the church. They should refrain from imposing canonical penalties on persons who respectfully and discreetly propose another view. If no one could voice his opposition to reformable doctrines, the development and correction of the Church’s official teaching would be seriously hampered. Rahner’s views stand in contrast to the intolerance with which some members of our clergy have treated those who differ with the official teaching on contraception. My sense is that, in the last analysis, the strength of the Church will be tested not by what happens to the RH bill but by the grace with which it is able to deal with the dissenting voices within it.” Tingnan sa John Rawls, “The Idea of Public Reason Revisited,” *The University of Chicago Law Review*, Vol. 63, No. 3 (Summer 1997), 772; tingnan din sa Randy David, “Debating the RH Bill” sa <http://opinion.inquirer.net/inquireropinion/columns/view/20110515-336572/Debating-the-RH-bill>.



doktrina ay maaaring maging batayan ng etika ngunit ito ay dahil lamang sa kabilang ito sa maraming pang posibleng maging batayan.<sup>16</sup> Maliban sa kontra ito sa normatibong pananaw, labag din ito sa natural na proseso ng pagbuo ng pambalanang kamalayan, na kung tutuusin ay siya dapat na pangunahing saligan ng mga prinsipyong etikal na gagabay sa mga halagahan at gawi ng bayan. Ang panitikan, halimbawa, ay isang mahalagang salik sa pagbuo ng kamalayang ito. Subalit matatandaan, na sa ngalan ng relihiyon at doktrina, naging maigting ang pagbabawal sa pagbabasa at paglalathala ng mga nobela ni Jose Rizal na *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* sa mga Katolikong paaralan noong dekada singkwenta gaya ng isinisaad sa batas na ipinanukala ng dating senador Claro M. Recto.<sup>17</sup> Madalas igiit ng mga tagapagsulong ng ganitong pagbabawal ang tungkulin ng relihiyosong institusyon na pangangalagaan ang kagandahang asal at kapakanan ng mga mamamayan. Ang kabalintunaan ng ganitong posisyon ay higit magiging kapansin-pansin kung sa kapareho ding sukatan ay titimbangin ang pagsuporta ng mga relihiyosong institusyon sa kandidatura ng mga opisyal ng pamahalaan, mula sa nasyonal hanggang sa lokal na katungkulan, na hindi maikakailang responsable sa mga suliraning hinaharap ng bayan, mga suliraning kung tutuusin ay higit na yumuyurak sa sinasabing kagandahang asal at kapakanang pambayan. Ipinapakita ng

---

<sup>16</sup> Sa kanilang mga pilosopiyang etikal, kapwa binibigyang pansin ni Alasdair MacIntyre at Axel Honneth ang kahalagahan ng mga normatibong batayan sa praktikang etikal. Kapwa rin sila naimpluwensyahan ni Hegel hinggil dito.

<sup>17</sup> Bagamat hindi perpektong ehemplo ng naratibo ang mga nobela ni Rizal gaya ng tinuturing ni Resil Mojares at Florentino Hornedo, hindi maikakaila ang bisa nito bilang panitikan sa paghubog ng pambansang kamalayan at karugtong nito, ng etikang pambayan. Ito ang bagay na binigyang diin ni Benedict Anderson sa pagtukoy sa papel ng panitikan sa pagpukaw ng pambalanang imahinasyon. Tulad niya, naniniwala rin sila Caroline Hau at Cristina Pantoja-Hidalgo sa natatanging ambag ng panitikan sa pagpapatibay ng mga himaymay na bumubuo sa isang pamayanan. Tingnan sa Resil B. Mojares, *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1983), 148-150; Florentino H. Hornedo, *Ideas and Ideals: Essays in Filipino Cognitive History* (Manila: UST Publishing House, 2001), 112-113; Benedict Anderson, *Imagined Communities* (Pasig City: Anvil Publishing Inc., 2003), 4-7; Caroline S. Hau, *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation, 1946-1980* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2000), 30; Cristina Pantoja-Hidalgo, *Fabulists and Chroniclers* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2008), 58-109.



mga halimbawang nabanggit na ang suliranin ng relihiyon at pulitika sa bansa, di gaya sa Kanluraning kunteksto, ay hindi ang kanilang pagkakahiwalay kundi ang kanilang masyadong malapit na ugnayan. Ang batayan ng ugnayang ito ay walang iba kundi ang gamit ng kapangyarihan nilang namumuno sa relihiyon o politika upang isulang ang kani-kanilang agenda. Sa madaling salita, balot ang relihiyon ng ideolohiya. Kung ito ang titingnan, tila alanganin nga kung ito ang gagamiting batayan ng etika.

### Etika sa Iba't Ibang Pangalan

Kung dadako naman tayo sa mas mataas na antas ng edukasyon, sa mga kolehiyo, unibersidad at paaralang gradwado, ang katawagang etika ay lantad na ginagamit patungkol sa araling tumutukoy sa mga mas ispisipiko at mas kumplikadong usaping may kinalaman sa iba't ibang propesyon. Pamilyar tayo sa mga salitang *Bioethics*, *Business Ethics*, *Media Ethics*, *Professional Ethics* o kaya *Professional Practice* na madalas gamiting katumbas ng etika bilang akademikong kurso sa mga pamantasan. Sa mga araling ito, hindi na masyadong hayag ang papel ng relihiyon maliban na lamang kung ito ay itinuturo sa mga sektaryang paaralan. Mas nangingibabaw dito ang pagaaral tungkol sa mga regulasyon at panuntunan na itinakda ng pamahalaan o industriya batay sa kani-kanyang katangian at pangangailangan ng bawat propesyon. Mahalaga sa bawat propesyon na maihanda ang sinomang magiging kasapi nila hindi lamang sa teknikal na kahilingan ng trabaho kundi pati na rin sa kasanayan sa mga legal at pang-industriyang pamantayan. Ang mga pamantayang ito ay binubuo ng mga batas na ipinapatupad ng pamahalaan gayundin ng mga polisiyang kasangkapan sa pangangalaga at higit pang pagpapabuti ng propesyon at ang mga nagpapraktis nito. Itinuturo ang etika ng mga propesyon ang institusyonal na kunteksto ng pagpasok ng sinoman sa isang lipunang sibil at ang kaakibat na pananagutan ng isang indibidwal.<sup>18</sup> Ang kahinaan gayunman ng kasalukuyang pamamaraan ng pagtuturo ng nasabing etika ay ang pagturing nito sa etika bilang isang gawain lamang o techne na kahiwalay sa mga propesyong hindi nito katulad o kaya mas masama pa, kahiwalay sa usapin ng pagkatao ng tao, Ang bunga ng pagkiling sa ganitong pananaw ay makikita sa malabis na prioridad na pinapakita sa

---

<sup>18</sup> Tingnan halimbawa sa Gabriel Flynn (ed.), *Leadership and Business Ethics* (Dublin: Springer, 2008); Lee Wilkins at Clifford G. Christians, *The Handbook of Mass Media Ethics* (New York: Routledge, 2009).





propesyunalisasyon kapwa sa edukasyon at sa hanapbuhay habang naiiwan naman ang humanistikong elemento nito. Tila hindi pa nga natin nalalampasan ang alyenasyon na tinuran na ni Karl Marx noon pa. Ang pagkakaiba nga lang ay mayroon na tayong pagaaral ng etika ngayon na nagbibigay ng lehitimasyon sa isang kalagayan na dapat sana'y tinututulan natin sa halip na sangayunan. Samakatuwid, hindi lamang nito pinapakitid ang ating pagunawa ng etika; pinapakitid din nito ang ating pagunawa sa pagkatao ng tao sa pamamagitan ng pagturing dito bilang isang gawain lamang o kaya isang trabaho. Malaki ang pagkakaiba ng trabaho o *techne* at pagkatao. Ang trabaho o *techne* ay nasusukat ayon sa pamantayan ng kahusayan ng bawat proseso at pyesa nito. Ang pagkatao, sa isang banda, ay hindi nasasaklaw kahit pa ng pinagsama-samang proseso o pyesa kaya walang ganitong klaseng pamantayan.<sup>19</sup> Sa kasamaang palad, ito ang pamantayang kalimitang pinagkakamalian sa kasalukuyang pagtuturo ng etika. Sa halip na maging kasangkapan ito sa pagpapalawak ng kamalayan ng mga magaaral, binibigyang daan pa nito ang pagpapalawig ng isang pananaw na nagpapaniwala sa atin na trabaho ang siyang nagtatakda ng lahat, kabilang na rito ang kahulugan ng kung sino at kung ano tayo. Hindi ko sinasabing masama ang magkaroon ng trabaho, Katulad ng marami, nagaasam din ako ng masaganang hanapbuhay hindi lamang para akin kundi pati na rin sa karamihan ng ating mga kababayan. Ang aking tinututulan at siyang nilalahad sa bahaging ito ng papel ay ang paggamit sa hanapbuhay bilang kasangkapan sa pagpapanatili ng isang sistema na bandang huli ay siyang nagpapaliit sa halip na magbukas ng ating mundo.<sup>20</sup> Nakikita na natin itong nagaganap sa kasalukuyan sa mga arkitekto, abogado, inhinyero, doktor na tinitingnan ang kanilang mga propesyon na tila mga islang walang kaugnayan sa iba. Kahit sa akademya ay makikita natin kung paanong ang mga propesor ng matematika, agham o panitikan ay tila bulag sa anomang uri ng koneksyon sa mga laman ng usapan ng mga propesor ng pilosopiya.<sup>21</sup> Nakapagtatakang ang mundo raw sa kasalukuyan

---

<sup>19</sup> Tingnan sa Alasdair MacIntyre, *After Virtue: A Study in Moral Theory*, Third Edition (Indiana: University of Notre Dame Press, 2007), 104.

<sup>20</sup> Tingnan din sa Kelvin Knight, *Aristotelian Philosophy: Ethics and Politics from Aristotle to MacIntyre* (Cambridge: Polity Press, 2007), 101.

<sup>21</sup> Tingnan sa Alasdair MacIntyre, *God, Philosophy, Universities: A Selective History of the Catholic Philosophical Tradition* (New York: Rowman & Littlefield Publishers, Inc., 2009), 174.



ay tila isang baryo na lamang dahil nabaklas na ang mga dating bakod na naghihiwalay sa atin. Pero sa baryong ito, nananatiling estranghero ang mga magkakapit-bahay dahil bawat isa ay naniniwala na ang mundo ay umiikot sa kanila.

### Isang Pilosopikal na Pagtatasa

Makikita sa dalawang halimbawang nabanggit, ang pagtuturo ng etika sa elementarya at sekundaryang paaralan at ang pagtuturo ng etika sa mga institusyon ng higit na mataas na edukasyon ang magkaiba subalit magkaparehong mukha ng etika bilang akademikong diskurso. Sa una, kapansin-pansin pa rin ang pananatili ng relihiyon bilang hulmahang pundamental ng balangkas ng etikang itinituro sa mga mag-aaral. Sa ikalawa, hindi na relihiyon ang batayan ng etika kundi mga patakaran at regulasyon na ipinataw ng pamahalaan o kaya ng industriya at mga kapisanang propesyunal. Sa ganitong aspekto nagkakaiba ang dalawa bilang akademikong diskurso. Sa kabila nito, maituturing pa rin silang magkatulad sa kadahilanang kapwa nila kinakatawanan ang anyo ng modernong etika biglang isang agham na kontrolado ng mga eksperto. Dahil isang agham, itinuturing itong isang kahiwalay na pagaaral at tanging silang may mga kanonisadong kaalaman at karanasan ang makakapag-ambag dito. Hindi ito maaaring basta-basta suwayin at pabulaanan ng sinoman. Bilang isang agham, nireserba nito sa sarili ang karapatan ng magbigay ng huling salita sa anomang usapin. Sinomang labas sa sirkulo ng mga eksperto ay tinuturing na tagalabas kaya walang timbang anoman ang kanyang iniisip o nais sabihin. Ang tanging hindi saklaw ng ganitong mahigpit na pagsala ay silang may malapit na ugnayan sa tinitingalang Bathala ng modernong panahon—ang kapital.<sup>22</sup> Ang ganitong kalakaran ay siya ring dahilan ng kasalukuyang pananaw tungkol sa politika bilang kahiwalay na gawain, ibig sabihin, gawain nakatalaga sa mga kunwari'y eksperto—walang iba kundi ang mga politiko, tradisyunal man o alternatibo. Malayong-malayo ito sa tinatangkilik ng mga teoristang gaya ni Platon, Aristoteles at Hegel na malapit, malapat at malapot na ugnayan ng etika, pulitika at relihiyon. Gaya ng nabanggit na, mahirap nang tuntunin sa ngayon ang ugnayan ng tatlo dahil sa pagpasok ng elemento ng ekonomiya at ideolohiya. Bagamat dualista, kaibang-kaiba rin ito sa dikotomiyang pinapanigan ni San Agustin sa pagitan ng lungsod ng tao at

---

<sup>22</sup>Tingnan sa Karl Marx, *Early Writings*, sinalin ni T.B. Bottomore (New York: McGraw Hill Book Company, 1963), 189-194.



lungsod ng Diyos. Kung may dikotomiya man, hindi na ito sa pagitan ng itaas at sa ibaba o kaya sa pagitan ng kasalukuyan o *saeculum* at ng hinaharap o *saecula saeculorum*. Ang dikotomiya ay naging horisontal o patag na lamang o kaya ay birtual sa bisa ng pagkilos ng Bathalang piso. Salamat sa kanya, ang simbahan ay nagmimistula ng pamilihan at ang pamilihan ay maaari na ring maging simbahan; ang mga paaralan ay nagaanyo na ring korporasyon at ang mga korporasyon ay nakakasakop na rin ng mga eskwelahan. Ang pelikula ay gumagaya sa tunay na buhay habang ang madla ay humahanap ng katotohanan sa pelikula. May balita sa drama. May drama din sa balita. At sa gitna ng lahat ng ito, nakatunghay ang tao na tila isang manonood sa sinehan. Wala siyang pinagiba sa mga taong kweba na tinuran ni Platon. Mas maganda na nga lamang ang kweba ngayon. Hindi na madilim. Hindi na isang siga ang pinanggagalingan ng anino. Magugulat siguro si Platon kung mababalitaan niya na ang kwebang dating nagkukulong sa tao ay wala na sa labas kundi nakapasok na sa loob ng isip niya mismo.

Ito ay bahagi lamang ng kasalukuyang kalagayan natin sa ikadalampu't isang siglo na dapat sanang bigyan ng pansin ng pagaaral ng etika bago ito naging aparato ng ideolohiya. Ngayoy kailangan nating pagaralan ang pagpapakatao dahil malaon na tayong nawalay dito. Ang etika ay naging paraan ng pagpapakadalubhasa o sistema ng pagiging epektibo kaya sa kabila ng ating mga natutunan, hirap pa rin nating desisyunan kahit ang mga simpleng tanong ng kung ano ang tama at kung ano ang mali. Ang ganitong uri ng alyenasyon, kung tutuusin, ay bunga ng isa pang mas pundamental na alyenasyon—ang ating alyenasyon sa mismong kunteksto ng ating pagpapakatao. Kung mayroon mang higit na nakakatakot sa namamayaning sistema ng globalisasyon sa kasalukuyan, ito ay walang iba kundi ang kakayanan nitong baguhin ang kuntekstong ito. Wala naman talagang masama sa pagbabago; sa katunayan dapat itong pagibayuhin at kilalanin bilang likas na bahagi ng buhay. Ang nakakabahalang anyo ng pagbabagong tinutukoy ko ay ang pagbabago ng naturang sistema sa tinagurian ni Alasdair MacIntyre na tradisyon o mga normatibong istruktura ng ating pagpapakatao ayon kay Axel Honneth o ang mga imahinaryong pambayan sa tawag ni Charles Taylor. Ganito ang pagbabagong umuugit sa mga pamilya kung saan ang mga anak ay wala o iisa ang magulang na nagsinan dahil sa hanapbuhay sa ibang bansa. Nabago na ang termino ng relasyon, ang kahulugan ng pagiging magulang at ang ugnayan nila sa kanilang mga anak. Nabago na ang kabuluhan ng tahanan, ang pagtingin sa sariling bayan, ang pagturing sa hanapbuhay, ang layuinin



ng edukasyon, ang pagganap sa pagiging mamamayan. Ito ay ilan lamang sa hanay ng mga nagbabago sa mga normatibo o tradisyunal na kondisyon ng pagpapakatao na kapag tinatalakay sa pagaaral ng etika bilang akademikong diskurso ay tinitingnan bilang problema subalit bahagyang naguudyok sa atin ng kaakibat na pagbabago ng kamalayan. Sa harap nito, bago nga bang maituturing ang reporma sa edukasyon na isinusulong ng estado? Ano ang natitira nating konsepto ng etika kung sakaling ang sagot natin ay oo?

### Konklusyon

Ang etika ay hindi isang agham na pang-eksperto lamang o araling maaring ihiwalay sa normatibong kalagayan ng buhay. Hindi rin ito pormularyo ng solusyon sa mga problemang hindi malunasan. Bilang akademikong diskurso, ang etika ay dapat na maging bukal ng bagong kamalayan sa halip na maging kasangkapan sa pagpapanatili ng ideolohikal na pananaw. Kung tutuusin, hindi mismo ang relihiyon ang balakid sa mas maayos na pagtuturo ng etika kundi ang ideolohikal na lapit dito. Maiiwasan ito kung katuwang ng relihiyon, magiging batayan din ng etika ang isang pilosopikal na antropolohiya na angkop sa isang partikular na kunteksto. Kailangan din ito sa pagtuturo ng etika para sa iba't ibang propesyon. Hindi lamang hanapbuhay kundi buhay mismo ang dapat na maging batayan ng pagsusuri ng ating mga karanasan. Ang isang napapanahong pilosopikal na antropolohiya para sa isang makabuluhang etika ay dapat na magugat sa tunay na karanasan ng tao. Sa bagay na ito, makakatulong ang pakikipagdayalogo ng pilosopiya sa iba't ibang disiplina gaya ng panitikan, sosyolohiya, kasaysayan, biolohiya, sikolohiya, sining at iba pa. Masyadong mayaman at kumplikado ang pagpapakatao upang masakop ng iisang lambat ng iisang larangan lamang. Sa bandang huli, hindi lamang kagandahang asal o husay sa propesyon ang nakataya sa pagaaral ng etika. Higit na nangangailangan ng pansin ay ang batayan ng mga ito sa yaman at hamon ng ating mga karanasan bilang tao at bilang kapwa-tao.

### Mga Sanggunian

Almario, Virgilio. *Kung sino and kumatha kina Bagongbanta, Ossorio, Herrera, Aquino de Belen, Balagtas, atbp.* Pasig: Anvil Publishin Inc., 1992.

Anderson, Benedict. *Imagined Communities: Reflections on the Origins and Spread of Nationalism.* Revised . Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 1991.



- "Doctrina Christiana." <https://ia600504.us.archive.org/6/items/doctrina-christia16119gut/16119-h/16119-h.htm>.
- "Edukasyon sa Pagpapakatao." <http://www.deped.gov.ph/sites/default/files/Edukasyon%20sa%20Pagpapakatao%20Curriculum%20Guide%20Grade%201-10.pdf>.
- Constantino, Renato. *A History of the Philippines: From Spanish Colonization to the Second World War*. London: Monthly Review Press, 1975.
- David, Randy. Debating the RH Bill. <http://opinion.inquirer.net/inquireropinion/columns/view/20110515-336572/Debating-the-RH-bill>.
- de la Costa S.J., Horacio. *Readings in Philippine History*. Makati City: Bookmark, Inc., 1992.
- Flynn, Gabriel, ed. *Leadership and Business Ethics*. Dublin: Springer, 2008.
- Harris, Susan K. *God's Arbiters: Americans and the Philippines 1898-1902*. Oxford: Oxford University Press, 2011.
- Hornedo, Florentino H. *Ideas and Ideals: Essays in Filipino Cognitive History*. Manila: UST Publishing House, 2001.
- Jaena, Graciano Lopez. "Fray Botod." [http://www.gracianolopezjaena.org/fray\\_botod\\_1.html](http://www.gracianolopezjaena.org/fray_botod_1.html).
- Knight, Kelvin. *Aristotelian Philosophy: Ethics and Politics from Aristotle to MacIntyre*. Cambridge: Polity Press, 2007.
- Lumbera, Bienvenido. *Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in its Development*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1986.
- MacIntyre, Alasdair. *After Virtue: A Study in Moral Theory*. Third. Indiana: University of Notre Dame Press, 2007.
- MacIntyre, Alasdair. *God, Philosophy, Universities: A Selective History of the Catholic Philosophical Tradition*. New York: Rowman and Littlefield Publishers, Inc., 2009.
- Marx, Karl. *Early Writings*. Translated by T.B. Bottomore. New York: McGraw Hill Book Company, 1963.



- Mojares, Resil. *Origins and Rise of the Filipino Novel: a Generic Study of the Novel until 1940*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1983.
- Pangalanan, Raul. "Religion and the Secular State: National Report for the Philippines." <http://www.iclrs.org/content/blurb/files/Philippines%20wide.pdf>. .
- Pantoja-Hidalgo, Cristina. *Fabulists and Chroniclers*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2008.
- Pinpin, Tomas. *Librong Pagaaralan nang manga Tagalog nang uicang Castila*. Edited by Damon L. Woods. Manila: UST Publishin House, 2011.
- Rafael, Vicente L. *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog Society under Early Spanish Rule*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1988.
- Rawls, John. "The Idea of Public Reason Revisited." *The University of Chicago Law Review* 63, no. 3 (Summer 1997).
- Rizal, Jose. *Noli Me Tangere*. Translated by Virgilio Almario. Quezon City: Adarna House, 1990.
- Schumacher S.J., John. *Father Jose Burgos: A Documentary History*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999.
- Schumacher S.J., John. *The Propaganda Movement 1880-1895*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2002.
- Wilkins, Lee, and Clifford Christains. *The Handbook of Mass Media Ethics*. New York: Routledge, 2009.

